lalawigan ng san diego

Ang Iyong BMP na Pang-istruktura

GABAY SA IMPORMASYON

Pinapalitan ng mga development project ang mga natural na landscape ng mga istrukturang gawa ng tao tulad ng mga daanan, paradahan, at mga gusali. Hindi katulad ng mga natural na landscape na maaaring sumipsip ng tubig ulan, ang mga istruktura ng landscape na kaugnay ng mga development ay nagdudulot ng mas maraming agos ng storm water.

Ang agos na ito ay maaaring magdala ng mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment, sa ating mga kalapit na sapa, ilog at karagatan. Upang mabawasan ang mga negatibong epekto na maaaring dalhin ng agos ng storm water sa ating mga lokal na daanan ng tubig, ang ilan sa mga na-develop na propyedad ay obligadong magmentena ng mga istruktura para sa pinakamagandang kaugalian sa pamamahala o "mga BMP na pang-istruktura".

Upang tulungan ang mga may-ari ng propyedad na maunawaan ang kanilang mga responsibilidad kaugnay ng mga BMP na pang-istruktura, ginawa ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang gabay sa impormasyon na ito upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo.

Mga drain insert na BMP

Pananim na BMP

Pananim na BMP

Ano ang BMP na pang-istruktura?

Ang mga BMP na pang-istruktura ay mga pasilidad na tumutulong upang maiwasan na makaalis ang mga pollutant sa storm water sa isang propyedad, makapasok sa ating mga storm drain, at makaapekto sa ating mga lokal na daanan ng tubig. Ang lahat ng uri ng mga BMP na pang-istruktura ay nangangailangan ng regular na inspeksyon at pagmementena upang matiyak na epektibong gagana ang mga ito.

Ang mga may-ari ng propyedad ang responsable sa pagsusumite ng mga dokumentasyon ng mga kinalabasan ng kanilang inspeksyon at mga gawain para sa pagmementena, bago ang tag-ulan (ika-1 ng Oktubre). **Kung kaya't ang Lalawigan ng San Diego ay nanghihingi ng impormasyon tungkol sa inyong mga BMP na pang-istruktura. Tandaan na ang hindi pagsunod sa mga kinakailangan na ito ay maaaring magpasimula ng pagpapatupad na imbestigasyon o kasunod na inspeksyon.**

mas marami pang impormasyon > > >

13SET2019

Ang Inyong BMP na Pang-istruktura

GABAY SA IMPORMASYON

BMP na Pang-infiltration

Ano ang Kailangan kong Gawin?

STEP 1

Hanapin ang lahat ng inyong BMP

Ang inyong mga BMP ay nakalista sa Operation and Maintenance Verification Form (form na patunay ng paggana at pagmementena) na ipinapadala sa inyo ng Lalawigan kada taon. Ang mga partikular na lokasyon ng mga ito ay nakalista sa plano ng grading ng inyong development.

STEP 2

Inspeksyunin at Mentenahin ang Inyong BMP

Nakasulat sa inyong mga Operation and Maintenance Verification Form ang mga tagubilin kung paano iinspeksyunin at mementenahin ang inyong BMP. Kasama sa karaniwang pagmementena ang pag-alis ng basura at naipong sediment, pagtabas ng matataas na halaman, pagpapaayos ng mga gumuhong lugar, at pagpapalit ng nasirang bahagi ng BMP. Tiyakin na irekord sa inyong Operation and Verification Form ang kinalabasan ng inyong inspeksyon at mga gawain para sa pagmementena.

STEP 3

Kunan ng litrato ang inyong BMP

Matapos mainspeksyon at/o mamentena ang inyong BMP, kunan ito ng litrato. Kailangang maipakita sa litrato na ang BMP ay nasa maayos na kondisyon at handa na para sa parating na tag-ulan. Tiyaking kumuha ng kahit na isang litrato ng bawat BMP.

STEP 4

Isumite ang inyong mga dokumento sa Lalawigan

Ipadala ang inyong Operation and Maintenance Verification Form, litrato ng BMP, at iba pang dokumentasyon (invoice ng serbisyo, resibo, atbp.) sa Lalawigan.

Isumite online:

- Bisitahin ang ating website sa **www.sandiegocounty.gov/stormwater** at i-click ang "Maintaining my Structural BMP" para hanapin ang mga tagubilin sa pagsusumite ng inyong impormasyon gamit ang online Portal.

Isumite sa email:

BMP.Program@sdcounty.ca.gov

- Ilagay ang inyong address at ang mga salitang "Self-Verification" sa linya ng subjejct.
- Ang mga email na ipinapadala sa address na ito ay kailangang mas maliit sa 10MB. Hindi matatanggap ang mga email na mas mabigat.

Mga BMP na pang-detensyon

salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

Programa ng Pangangalaga sa Watershed
1-858-495-5323
BMP.Program@sdcounty.ca.gov
www.sandiegocounty.gov/stormwater

13SET2019